| Aralin 11 | الدرس الحادي عشر |
|---|---|

## 1. Ang Paniniwala kay Allah

Bahagi ng pananampalataya kay Allah ay ang maniwala na Siya ang totoong Diyos na karapat-dapat sa Pagsamba at wala nang iba pa sapagkat Siya ang Tagapaglikha ng mga tao, ang Nagbibiyaya sa kanila, ang Nagtutustos sa mga pangangailangan nila, ang Nakaaalam ng kanilang inililihim at kanilang inihahayag, at ang May-kakayahang maggantimpala sa masunurin sa kanila at magparusa sa suwail sa kanila. Alang-alang sa Pagsambang ito ay nilikha ni Allah ang Jinní at ang Tao at ipinag-utos Niya iyon sa kanila, gaya ng sinabi Niya (51:56-58): **"Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kung hindi upang sambahin nila Ako. Hindi Ako nagnanais mula sa kanila ng anumang panustos at hindi Ako nagnanais na pakainin nila Ako. Tunay na si Allah ay ang Tagapagtustos, ang May matatag na lakas."**

Isinugo ni Allah ang mga Sugo at ibinaba Niya ang mga Aklat upang ilahad ang katotohanang ito, upang anyayahan ang mga tao sa katotohanang ito at upang magbigay-babala laban sa anumang suma-salungat dito, gaya ng sinabi Niya (16:36): **"Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo *na nagsasabi*: "Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang diyus-diyusan.""**

Ang pinakadiwa ng Pagsamba na ito ay ang ilaan kay Allah ang lahat ng uri ng pagsambang isinasagawa ng tao gaya ng panalangin, pangamba, pag-asa, dasal, pag-aayuno, pag-aalay, pamamanata at iba pang mga uri ng pagsamba, sa paraang may pagpapakumbaba sa Kanya, may pag-asa at may takot, kalakip ang lubos na pag-ibig sa Kanya at pagpapakaaba sa kadakilaan Niya. Ang nakararaming bahagi ng Qur'án ay ibinaba dahil sa dakilang simulaing ito, gaya ng sabi Niya (39:2-3): **"…Samakatuwid sambahin mo si Allah, habang wagas na inuukol sa Kanya ang pagsamba. Tunay ngang ukol kay Allah ang wagas na pagsamba.…"** at ng sabi pa Niya (17:23): **"At iniatas ng iyong Panginoon na wala na kayong sasambahin kundi Siya,"** at ng sabi pa Niya (40:14): **"Kaya dumalangin kayo kay Allah, habang wagas na inuukol sa Kanya ang pagsamba, kahit pa man masuklam ang mga tumatangging sumampalataya."**

Bahagi rin ng pananampalataya kay Allah ang maniwala sa lahat ng tungkulin at obligasyong ibinigay Niya sa kanyang mga lingkod gaya ng Limang Haligi ng Islam na isinasagawa nang hayagan. Ang mga ito ay ang sumusunod:

1. Ang pagsaksi na walang totoong Diyos kundi si Allah at si Muhammad ay Sugo ni Allah,
2. Ang pagsasagawa ng saláh,
3. Ang pagbibigay ng zakáh,
4. Ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadán, at
5. Ang pagsasagawa ng hajj sa Banal na Bahay ni Allah para sa sinumang may kakayahang makarating roon.

At iba pang mga tungkulin na nabanggit sa Sharí'ah o Batas ng Islam. Ang pinakamahalaga at pinakadakila sa Limang Haliging ito ng Islam ay ang Shahádah o Pagsaksi na walang totoong Diyos kundi si Allah at si Muhammad ay Sugo ni Allah.

Bahagi rin ng pananampalataya kay Allah ay ang maniwala na Siya ang Tagapaglikha ng mga nilalang, ang Tagapangasiwa ng mga kapakanan nila, at ang Tagapamahala sa kanila sa pamamagitan ng Kanyang kaalaman at Kanyang kapangyarihan ayon sa kung ano ang niloloob Niya; na Siya rin ang Nagmamay-ari ng Mundo at Kabilang-buhay, at ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang—wala nang Tagapaglika bukod pa sa Kanya at wala nang Panginoon maliban pa sa Kanya; na Siya ay nagsugo ng mga sugo at nagpababa ng mga Banal na Aklat upang ituwid ang mga tao at anyayahan sila sa ikaliligtas nila at sa ikabubuti nila sa Mundo at sa Kabilang-buhay; na Siya ay walang katambal sa lahat ng mga nabanggit na iyon. Sinabi Niya (39:62): **"Si Allah ay Tagapaglikha ng bawat bagay, at Siya ay Pinananaligan sa bawat bagay."**

Bahagi pa rin ng pananampalataya kay Allah ang maniwala sa Kanyang napakagagandang mga pangalan at Kanyang napakatataas na mga katangian na nasasaad sa Kanyang Mahal na Aklat at naisa-laysay mula sa Kanyang mapagkakatiwalaang Sugo. Paniniwalaan ang mga ito nang walang Tahríf (pagpapalit ng kahulugan), walang Ta'tíl (pag-aalis ng kahulugan), walang Takyíf (paglalarawan ng kahulugan), at walang Tamthíl (paghahalintulad), kalakip ng paniniwala sa ipinahihiwatig ng mga ito na mga dakilang kahulugan na siyang mga 'paglalarawan' kay Allah. Kailangang 'ilarawan' Siya sa pama-magitan ng mga ito sa paraang naaangkop sa Kanya, nang hindi Siya iwinawangis sa Kanyang nilikha sa anuman sa Kanyang mga katangian, gaya ng sinabi Niya (42:11): **"Walang anumang katulad sa Kanya. At Siya ang Nakaririnig, ang Nakakikita."**